



MGA PAALALA

Nais nating ipaalam na ang mga Pilipinong manggagawa – Temporary Foreign Workers (TFWs) ay napapabilang sa kategorya na pinapayagang makabalik, ayon sa anunsiyong inilabas ng Canada.

Kailangang sumailalim ang mga nasabing indibidwal sa health check bago payagang makabalik sa Canada. Ang sinumang magpapakita ng simtomas ng COVID19 ay hindi papayagang makapasok ng Canada. Magkakaroon muli ng health check pagdating sa Canada at kinakailangang mag self-isolate ang mga nasabing indibidwal ng labing-apat na araw (14 days) ayon sa Quarantine Act ng Canada.

Kaakibat ng mga nasabing anunsiyo, nais din natin ipaalala na ang buong Luzon ay napapailalim sa enhanced community quarantine at may limitasyon sa pag-galaw ng mga mamamayan at operasyon ng mga paliparan hanggang sa ika-12 ng Abril 2020. Ang lahat din ng direct flights mula Pilipinas papunta ng Canada ay kasalukuyang suspendido simula ika-26 ng Marso hanggang ika-14 ng Abril 2020.

Para sa kaalaman ng publiko.